

## Ano ang Masuporta at Palyatibong Pag-aalaga?

Ito ay suporta sa taong nagdurusa sa isang karamdamang walang lunas.

Sinisikap naming ibigay sa bawat tao ang pinakamagandang kalidad ng buhay na maaari. Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng pag-aayos at pagbibigay ng ilang serbisyo na tutugon sa mga pangangailangan mo at ng iyong pamilya.

Nagbibigay kami ng isang hanay ng mga serbisyo kabilang na ang pangkatawan, pandamdamin, panlipunan at pang-espirituwal.

### Saan maibibigay ang Masuporta at Palyatibong Pag-aalaga?

Nagsisikap kaming mabuti na magbigay ng Masuporta at Palyatibong Pag-aalaga kahit saan mo gustong tumira. Ito ay maaari sa iyong:

- Sariling tahanan
- Tahanan ng isang miyembro ng iyong pamilya
- Sa ibang mga pasilidad gaya ng mga Nursing Home

Nagbibigay din kami ng pag-aalaga sa ospital sa loob ng aming Lokal na Distritong Pangkalusugan - Nepean, Hawkesbury, Springwood, Blue Mountains, Lithgow at Portland.

Ang pamilya at mga kaibigan ay hinihikayat na tumulong sa pag-aalaga sa pasyente. Ang tulong na propesyonal ay makukuha mula sa iyong General Practitioner at mula sa iyong Grupo ng Masuporta at Palyatibong Pag-aalaga.

### Ang Masuporta at Palyatibong Pag-aalaga ay isang pagsisikap ng grupo

- Pasyente
- Pamilya
- Nars
- Boluntaryo
- Social Worker
- Sikologo
- Pisyoterapiko (Physiotherapist)
- Occupational Therapist
- Diyatisyan (Dietician)
- Parmasyutiko
- Lider sa Relihiyon
- General Practitioner
- Mga Espesyalistang Doktor sa Mapagkalinga at Palyatibong Pag-aalaga
- Iba pang mga Espesyalistang Doktor
- Suporta sa telepono paglipas ng oras ng trabaho
- Pagpapayo sa Namatayan

## Kung may makirod sa akin, mapapahupa kaya ito?

Halos sa lahat ng mga kaso, ang pangangirod ay mapapahupa sa antas na kayang tiisin sa pamamagitan ng paggamit ng mga medikasyon at maging ng ibang paggagamot kabilang ang radiotherapy, meditasyon o iba pang paraan na naaangkop sa iyo.

Marami nang mga pag-unlad kamakailan sa pangangasiwa ng pangangirod kasama na ang mga bagong medikasyon at bagong mga paraan sa pagbibigay nito. Mabibigyan ka ng higit pang impormasyon tungkol sa pangangasiwa ng pangangirod ng iyong General Practitioner at ng aming pangkat ng Masuporta at Palyatibong Pag-aalaga.

### Maaari ba akong mamatay sa bahay?

Gagawin namin ang lahat ng aming makakaya para suportahan ka at ang iyong pamilya sa lugar na nais mo. Kadalasan, iyan ay sa iyong tahanan.

Kung minsan, sa yugtong ito ng iyong karamdaman, ang dalas ng pag-aalagang kailangan mo ay higit pa sa maibibigay ng pamilya. Kapag nangyari ito, maaari naming isaayos na maalagaan ka sa isa sa aming ospital na malapit sa tirahan mo.

### Suporta ng boluntaryo

Ang pag-aalaga sa isang taong may sakit na walang lunas ay maaaring nakakasaid sa katawan at emosyon. May isang pangkat kami ng mga sinanay na boluntaryong gugugol ng panahon para sa mga pasyente upang magbigay ng praktikal at emosyonal na suporta at magbibigay ng pagkakataon sa kanilang mga kapamilya na makapagpahinga.

### Paano naman ang iyong mga pangangailangang pangwika at pangkultura?

Layon naming magbigay ng pag-aalagang angkop sa kultura. Ipaalam sa amin kung paano namin matutugunan ang iyong partikular na pangangailangan, halimbawa ang relihiyoso at espirituwal mong mga pangangailangan, mga pangangailangan mo sa diyeta, o kahit sinong gusto mong gagamot sa iyo na lalaki o babaing doktor o nars. Pakisabihan kami kung kailangan mo ng tagasalin sa wika.

**Ang mga serbisyong tagasalin sa wika ay libre at lihim.**

**Serbisyong Tagasalin sa Wika sa Pag-aalagang Pangkalusugan**

Kung ikaw ay dumadalo sa isang ospital o sentrong pangkalusugan, isang libre at lihim na serbisyong tagasalin sa wika ang makukuha mo.

Kung kailangan mo ng isang tagasalin sa wika upang tulongan kang ayusin ang pakikipagkita sa isang propesyonal sa pag-aalagang pangkalusugan, pakitawagan ang Telephone Interpreter Service (TIS) sa **131 450**.

Ang tagasalin sa wikang AUSLAN ay makukuha rin.

### Sino ang maaari mong hingan ng tulong o impormasyon?

- Ang iyong General Practioner
- Ang tumitinging espesyalistang doktor sa iyo
- Ang iyong lokal na ospital
- Ang iyong Serbisyong Masuporta at Palyatibong Pag-aalaga

Kung nakatira ka sa mga Lugar ng Lokal na Pamahalaan ng **Penrith, Blue Mountains** o **Lithgow**, ang karagdagang impormasyon ay makukuha sa pagitan ng 9:00 n.u. at 4:30 n.h. sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono:

**1800 222 608**

Kung nakatira ka sa Lugar ng Lokal na Pamahalaan ng **Hawkesbury**, ang karagdagang impormasyon ay makukuha sa pagitan ng 8.30 n.u. at 4.30 n.h. sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono:

**(02) 4560 5714**


Ang konsepto ng disenyo ng polyetong ito ay kagandahang-loob ng Palliative Care Council of South Australia, Palliative Care Victoria at Palliative Care Australia.

Ang pagsasalin at paglathala ng polyetong ito ay pinondohan ng mga donasyon mula sa Nepean Blue Mountains Supportive and Palliative Care Service at Nepean Blue Mountains Local Health District.

Nilikha noong ika-19 ng Hunyo 2014

### Ginhawa - Suporta - Kaluwagan

Pag-aalaga sa mahal mo sa buhay na may sakit na hindi malulunasan



Tagalog